Pangalan: ___________________________________________________________________

Petsa Nang Nagsimula: ____________ Petsa Nang Natapos: ________________Marka:___________

**Sipi ng Pagsasanay sa Pagkatuto**

**Pag-unawa sa Tekstong Pangimpormasyon**

**I. Panuto:** Basahin ang teksto. Sagutin ang mga tanong gamit ang simpleng pangungusap. Isulat sa nakalaang patlang ang tamang sagot.

Paglubog ng Lupa

Maraming lugar sa Pilipinas ang tuluyan ng lumubog sa tubig. Ano nga ba ang dahilan ng paglubog ng mga lugar na dating tinitirahan ng mga tao na ngayon ay mistula ng mga ilog o dagat?

Ayon sa UP National Institute of Geological Science, isang natural na proseso o phenomenon ang paglubog ng lupa o iyong tinatawag na land subsidence. Sa natural na paglubog ng lupa, dalawang milimetro lamang ang inilulubog ng lupa sa loob ng isang taon. Subalit sa ngayon, apat na sentimetro kada taon na ang inilulubog ng lupa. Ito ay lubhang nakababahala dahil ang apat na sentimetro na paglubog ng lupa kada taon ay dapat mangyari pagkatapos pa ng 20 taon.

Isa sa itinuturong dahilan nito ay ang labis na pagtatayo o paggamit ng mga poso. Sa paghigop ng tubig sa ilalim ng lupa, ang hiwa-hiwalay na butil ng lupa ay magdidikitdikit, na nagiging dahilan ng pagbaba ng lupa at tuluyang paglubog na ng lugar. Upang maiwasan ang mabilis na pagbaba ng isang lugar, ipinagbawal na ng ibang lokal na pamahalaan ang pagtatayo ng mga poso.

- Reporter's Notebook: Mga lugar sa Bulacan, unti-unting lumulubog sa tubig, 2019, GMA

1. Ano ang paksa ng teksto?

_______________________________________________________________

2. Ilang milimetro ang natural na paglubog ng lupa o land subsidence sa loob ng isang taon?

_______________________________________________________________

3. Sa kasalukuyan, ilang sentimetro ang inilulubog ng lupa kada taon?

_______________________________________________________________

4. Ano ang isa sa mga dahilan ng mabilis na paglubog ng lupa?

_______________________________________________________________

5. Paano mapipigilan ang pagbaba ng lupa sa ating paligid?

_______________________________________________________________

**II. Panuto:** Basahin ang bawat pangungusap. Isulat sa patlang ang **T** kung tama ang ipinahahayag ng pangungusap at **M** naman kung mali ang ipinahahayag.

________1. Ang pagbabasa at pakikinig ay nagpapalawak ng kaalaman.

________2. Mauunawaan ang teksto kung masasagot ang mga tanong tungkol dito.

________3. Ang teksto ay mga babasahing naglalaman ng iba't ibang kaalaman o impormasyon.

________4. Ang tekstong pang-impormasyon ay naglalaman ng mga detalyeng kathangisip tungkol sa isang paksa.

________5. Mahalagang malaman ang mga kasagutan sa mga salitang ginagamit sa pagtatanong upang lubos na maunawaan ang teksto.